# Modyul Blg. 19
# Pagsusri ng Akda Batay sa Teoryang Naturalismo



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Mukhang may ngiti ngayon sa iyong mga labi? Ito ba'y nangangahulugan na nananabik ka na sa susunod na aralin?


Siguradong magugustuhan mo ang mga gawaing inihanda ko sa iyo lalo pa't napapanahon ang paksa ng kuwentong pag-aaralan mo ngayon.

Hindi tatakbo ang panahon nang di makararanas ang tao ng mga pagsubok sa buhay. Ito ay katotohanan ng buhay kaya't nararapat lamang na magkaroon tayo ng positibong pagtingin o pag-unawa sa mga nagaganap na ito Mahalaga ang pananampalataya at pagtitiwala sa Panginoon sa ganitong pagkakataon.

Ito ang nais iparating ng akdang "Maganda Pa Ang Daigdig" ni Lazaro Francisco. Isang tao na pinagkaitan ng kapalaran. Biktima ng lipunang ginagalawan. Napagbintangan sa kasalanang di niya ginawa. Ang tanging nagbibigay pag-asa at nagpapalakas ng loob ay ang pananalig sa Diyos at pagtulong ng kanyang mga kasama.

Isa pa sa kwentong magugustuhan mo na kasama sa modyul na ito ay ang "Titser" na isinulat ni Liwayway A. Arceo

Mahalaga ang pagkakaroon ng paninindigan habang tayo ay nabubuhay sa daigdig. Ito ang prinsipyong nangibabaw sa pangunahing tauhan na nagpasya na titser ang kuning kurso sa kabila ng pagsalungat ng kanyang ina. Babaeng may paninindigan at nakikipaglaban sa mga pinaniniwalaan.



## Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa pag-unawa sa iba't ibang anyo ng panitikan.

## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Magiging kapaki-pakinabang ang modyul na ito sa iyo. Tiyak na magiging maayos at malinaw ang bawat gawain kung susundin mo ang mga tagubilin sa ibaba.

1. Sagutin mo ang panimulang pagsusulit o iyong bahaging Ano Na Ba Ang Alam Mo? Makatutulong ito upang masukat ang kaalaman mo sa paksa.

2. Iwasto mo ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Huwag kang mag-alala kung magkaroon ka man ng maraming mali dahil tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

3. Basahin at unawain mong mabuti ang mga akda.

4. Unawain at sundin mo ang mga panuto.

5. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit.o bahaging Gaano Ka Na Kahusay? Maging matapat ka sa pagwawasto ng iyong gawa. Iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

6. Mahalin mo ang modyul na ito tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili. Huwag mong sulatan at sikaping huwag mapunit. Gumamit ka ng hiwalay na papel at kwaderno.

## *Ano na ba ang alam mo?*

Ang iyong nakikita ay panimulang pagsusulit na hahamon sa iyong kakayahan sa pag-aaralang akda.

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Hindi mo siya makakausap nang maayos dahil nakapako lamang ang kanyang isip sa kasintahang umalis. Ang kahulugan ng salitang nakapako ay

   a. di naaalis
   b. nanatili
   c. nakatuon
   d. nakalagay

2. Hindi mawala ang alingasngas tungkol sa pagdispalko niya ng pera ng kompanya. Ang kahulugan ng salitang may salungguhit ay

    a. bulung-bulungan
    b. ingay
    c. ugong
    d. gulo

3. Walang kagatul-gatol ang tinig niya sa pagsalungat sa kagustuhan ng magulang. Ang walang kagatul-gatol ay nangangahulugang

    a. walang kaba
    b. tuluy-tuloy
    c. walang takot
    d. putul-putol

4. Siya ang napag-utusang dumakip kay Mang Lino

    a. Mr.Sanchez
    b. Mr. Ambrosia
    c. Mr. Villas
    d. Kabo Lontoc

5. Ano ang propesyong pinili ni Amelita?

    a. inhinyero
    b. titser
    c. abogado
    d. pulis

6. Kanino ipakakasal ni Aling Rosa ang anak na si Amelita?

    a. Mang Ambo
    b. Osmundo
    c. Norberto
    d. Rolando

7. “Marami pa rin naman ang makikita nating nagkalat na nakagagawa ng lalong malulubhang paglabag ngunit ni di man lamang naisakdal at hulihin kung kaya napanungkulan pa ang iba” Ang pahayag ay isang

    a. opinyon
    b. konklusyon
    c. sariling palagay
    d. katotohanan

8. “Inang Kailangang malaman ni Osmundo ngayon na …na hindi maaari…” Ang katangiang mahihinuha sa nagsasalita ay

   a. matigas ang kalooban
   b. marunong magpasya
   c. suwail na anak
   d. matigas ang ulo

9. “Maraming pagkakataong iniligtas ako ng krusipihong ito sa panganib. Gayon ang naging paniniwala ko” Ang katangiang nangingibabaw sa nagsasalita ay

   a. mapamahiin
   b. di-agad-agad sumusuko
   c. di nawawalan ng pag-asa
   d. matatag ang pananampalataya sa Diyos

10. Sumunod si Kabo Lontoc sa pinag-uutos ng nakatataas sa kanya. Pinatunayan lamang niya na

   a. Ang karangalan ang tanging kayamanan ng tao
   b. Ang pakikisama sa tao ay may hangganan
   c. Mahalaga ang pagtupad sa tungkuling sinumpaan
   d. Hindi lahat nang nakikita ay totoo

Nahirapan ka bang sagutan ang mga katanungan? Iwasto mo ang iyong mga sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung mababa man ang naging iskor mo, huwag kang mag-alala. Tutulungan ka ng modyul na ito.

# *Aralin 1 : Maganda Pa Ang Daigdig*

## *Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?*

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nabibigyang kahulugan ang mga mahihirap na salita at mga piling pahiwatig na ginamit sa akda.

2. Natutukoy ang mga mahahalagang detalye at kaisipan sa akda

3. Napatutunayan na ang mga pangyayari sa akda ay angkop sa tunay na buhay

4. Napangangatwirang maganda pa ang daigdig at kailangan lamang ang pananalig sa Panginoon

5. Nakasusulat ng mga islogan na nauukol sa mga kaisipang napapaloob sa akda.

## *Mga gawain sa pagkatuto*

**Alamin mo**

Ikaw ba'y napagbintangan na sa isang bagay na di mo ginawa? Ano ang isinisigaw ng iyong damdamin?

Panuto: Ayusin mo ang mga pangungusap upang makabuo ng Monologo. Piliin lamang ang letra ng tamang pagkakasunud-sunod

1. Di ba't tayo'y pantay-pantay lamang sa pagtingin ng Maykapal?

2. Ngunit ano itong sinapit ko?

3. Isinadlak sa rehas na bakal ng isang may kapangyarihan

4. Bakit ganito ang buhay ng tao?

5. Kahit ang aking isinisigaw ay "wala akong kasalanan"

6. Ang papel sa mundo ng maliit ay laging api-apihan ng mayayaman at may katungkulan

a. 14365
b. 453126
c. 461235
d. 614235

Tingnan mo sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro kung tama ang ayos na ginawa mo.

Alam mo bang may kaugnayan dyan ang babasahin mo?

Handa ka na ba?

Simulan na ang pagbasa.

**Basahin mo …..**

**MAGANDA PA ANG DAIGDIG**
Kabanata 13
"Wala Akong Sala"
ni Lazaro Francisco

NAPANSIN KAAGAD NI MRS. SANCHEZ ANG KAKAT-wang kilos at alinlangan ng kaniyang kanayon laban kina Kabo Lontoc na ibinunga ng bintang ni Aling Ambrosia na benggansa lamang ang dahilan ng pagdakip kay Lino. Upang maagap na maapula ang anumang maaaring mangyari ay iginala ng dalaga ang kaniyang paningin sa karamihan at mabanayad na nagsalita.

"Mga kanayon!" ani Miss Sanchez. "Huwag sana nating malimot na sina Kabo Lontoc ay napag-uutusan lamang! Tumutupad lamang sila sa kanilang tungkulin! Batas at bayan ang kanilang panginoon. At tayo'y bahagi ng bayang pinaglilingkuran nila!

Sa ilang katagang iyon ng punung-guro, ang may maiinit na ulo sa kanilang paligid ay para namang nasubhang bigla ng malamig na tubig. Ang mga umirap sa kabo ay tumahimik na at ngumiti pa ang ilan.

"Ito po, Miss Sanchez," himig pasintabing wika ni Kabo Lontoc, "ang isa sa malulungkot na tungkulin namin! Nguni't kung hindi namin tutupdin ito ay bababa ang tingin sa amin ng bayan at baka wikain pang alangan kami sa aming uniporme!"

Tumangu-tango si Miss Sanchez. nguni't hindi nagsalita.

"Ipinakikiusap ko sana sa kanila, Miss Sanchez," pakli naman ni Villas na tinukoy sina Kabo Lontoc,"na, yayamang hindi pa naman gaanong tiwasay ang panahon, at yayamang marami pa rin naman ang nakikita nating nagkalat doon at dito na nakagawa ng lalong malulubhang paglabag sa batas nguni'y ni di man lamang yata kamalak-malak na isakdal at hulihin kung kaya nakapanunungkulan pa ang iba at ang iba nama'y patuloy na nakapamamayagpag sa gitna ng bayan, ay maano sanang ipagwalambahala na muna nila ang pagdakip na ito kay Lino at maging parang balato na nila sa atin ang kanilang pagpapaumanhin, na anupa't palabasin na lamang na hindi nila natagpuan si Lino dito saan man. Nasabi ko pa nga na kung kailangan lamang na palayuin na muna rito ang mag-amang Lino ay hindi maluwag na magawa natin iyon. Huwag na lamang sanang dakpin ngayon dito ang ama, alang-alang sa kabutu-butong anak na musmos pa't walang sinumang maaaring sulingan kahit na isang malayong kamag-anak!"

Malungkot na yumuko si Miss Sanchez at nagpatuloy sa di pa rin pagkibo.

"E…ano ang sagot sa inyo, Mr. Villas?" tanong ni Miss Lavadia

"Tama rin naman ang isinagot nila sa 'kin," ang patuloy na salaysay ni Villas na naging tugon na rin sa tanong ni Miss Lavadia. "Kung magkakagayon daw ay kalian pa kaya masisimulan ang pagpapatupad sa mga batas sa kapakanan ng kapayapaan at kaayusan?"

"Saka." Sudlong ni Kabo Lontoc, "kung hindi man kami ay marami pa rin namang ibang mauutusang dumakip sa dinarakip namin at baka, kung inaalat, maging dalus-dalos pa ang pakikitungo sa inyo at sa dinarakip!" Luminga-linga ang kabo at tumanaw sa mga kasamang kawal. Saka hinarap si Villas. "Gagabihin kami, Mr. Villas!"

“Sandali lamang Kabo Lontoc,” Hadlang ni Miss Sanchez. ‘maaari bang bigyan ninyo kami ng kaunting panahong makausap muna namin si Mang Lino?”

“Aba, opo, Miss Sanchez,” payag kaagad ang kabo. “Kausapin na ninyo. Hindi kami maiinip.”

“Salamat,” tanging nasabi ni Miss Sanchez na tumalikod na upang lumapit sa mag-amang Lino.

Saglit na munang tinaya ni Miss Sanchez ang anyo ng pag-uusap ng mag-ama. Ibig sana niyang igalang ang mga huling maseselang sandaling yaon ng kanilang pag-uusap. Nguni’t maikli na ang panahon. Kaya nga, napilitan nang lumapit ang dalaga na naging maingat naman at marahan. Sinundan siya ni Miss Lavadia at ni Aling Ambrosia.

Buung-buo manding nakapako naman yata ang isip ni Lino sa mga bagay na sinasabi at itinatagublin sa anak kung kaya nakalapit at sukat sina Miss Sanchez sa may likuran ng takayad nang di niya napansin, gayong manipis at butas-butas na ang dingding ng takayad. Patuloy si Lino sa banayad na pagsasalita at sa tinig na malinaw, marahan at walang pangamba.

Muli’t muling sinasabi ko sa iyo, Ernesto, na tibayan mo sana ang loob mo,” anang tinig ni Lino na halos nanuot sa kaluluwa ni Miss Sanchez at ng dalawang kasama. “Mag-aral kang magpakalalaki, kahiman bata ka pa. Itanim mo sa puso mo na wala akong sala, pagka’t iyan ang totoo. Umasa kang magbabalik ako, pagka’t may katarungan pa naman sa puso ng tao, marahil.

“At. . . kung wala man, umasa ka ring magbabalik ako Ernesto. Hahanapin kita saanman, anoman ang mangyari, gaya rin ng ginawa kong paghahanap sa iyo noong sanggol ka pa. Hindi pa nasira ang anomang sinabi ko sa iyo, Ernesto,hindi ba?

Tumigil sandali si Lino sa pagsasalita. Si Miss. Sanchez, gaya rin ni Miss. Lavadia at aling Ambrosia, ay patuloy sa matahimik na pagkakayuko habang nakikinig. Isa man sa kanila ay walang nangahas na sumilip man lamang sa anyo ng mukha ni Ernesto.

“Wala akong mapaghahabilinan sa iyo kundi kay Aling Ambrosia,” patuloy ni Mang Lino sa tinig na nabasag nang bahagya. “Magpapakabait ka. Mag-aral kang makisama sa kanila, at sa lahat ng tao. Maging magalang ka at matapat na lagi. Huwag kang hihiwalay sa nalalaman mong mabuti, kahit ka mamatay. Naniniwala akong may langit at impiyerno sa kabilang buhay. Nguni’t gumawa ka ng mabuti, hindi sapagka’t may langit kundi sapagka’t mabuti ang mabuti. Huwag kang gagawa ng masama, hindi sapagka’t may impiyerno, kundi sapagka’t masama ang masama. Iyan lamang ang nakikilala kong landas para sa mga taong may dangal at kahihiyan!”

Pamuling tumigil si Lino sa pagsasalita. Mabilis na tumatakas ang oras at ibig niyang makinis ang lahat ng dapat na sabihin. Mapapansing dinampi-dampian ni Miss. Sanchez ng panyo ang kanyang mga mata. Nagpatuloy si Lino sa pagsasalita.

“Huwag kang mawawalan ng pananalig sa Diyos, Ernesto! Iyan lamang, sa mga bagay na dati kong pinaniniwalaan, ang tanging di ko ibig na mawala pa sa akin. Sa Kaniya mo hihingin ang lahat ng iyong ibig. Sa Kaniya mo idadaing ang mga sakit ng loob mo. Sa Kaniya ka hihingi ng lunas kung ikaw ay may karamdaman. Sa Kaniya ka tatawag kapag nawawalan ka ng pag-asa. Sa Kaniya ka dudulog kung nakararamdam ng pangungulila ang puso mo sa isang magulang o sa isang kamag-anak o isang kaibigan1”

Muli na namang huminto si Lino sa pagsasalita. Suminghot si Miss Sanchez at tila panabay na humikbi sina Miss Lavadia at Aling Ambrosia, nguni’t hindi pa rin sila napansin ng mag-ama.

“Gaano kaya katibay ang puso mo, Ernesto?” ang tanong ni Lino at masusing minasdan ang mukha ng anak. “Kung hulihin na ako at ilakad, maipangangako mo sa akin, Ernesto na di ka iiyak? Maipapangako mo ba ‘yan sa akin, anak ko?”

“Gaano kaya katibay ang puso mo Ernesto?” ang tanong ni Lino at masusing minasdan ang mukha ng anak.” “Kung hulihin na ako at ilakad maipangangako mo sa akin, Ernesto na di ka iiyak? Maipangangako mo bay an sa akin anak ko?”

Noon pa lamang napilitan nang silipin at masdan ni Miss Sanchez ang mukha ni Ernesto. Nakita niyang kumurap-kurap ang bata sa pagkatingalang nakatitig sa mukha ng ama; makalawang lumunok; kumurap-kurap na muling tila nahihilam; kuminig-kinig ang mga labi, at humikbi-hikbi sa pagpipigil manding huwag siyang mapasigaw. Nguni’t namalabis lamang ang luha sa kaniyang mga pisngi at din na nakapangako.

“Ernesto!” ang malungkot na tawag ni Lino. “Mapait man sa loob ko’y tikis na sinanay kita sa hirap para magkaroon ka ng matibay na puso at matatag na loob. Bakit ka lumuluha? Sa pagkakasala lamang, sa pagkabulid lamang sa masama, nararapat malaglag ang luha ng isang tunay na lalaki. Hindi sa gaano man kalaking kasawian at mga kaapihan!”

Mabilis na pinahid ni Ernesto ng kaliwa niyang bisig ang luha sa kaniyang mga mata, muling panatag na iniharap ang mukha sa nahahambal na ama. Si Aling Ambrosia ay napilitang tumalikod. Tumagilid lamang si Miss Lavadia na tila di na makagalaw. Isinubsob naman ni Miss Sanchez ang kaniyang mukha sa dalawang palad at tikis na hindi kumilos. Kailangang igalang ang maseselang mga sandaling yaon sa mag-ama.

“May isang tanging alaala na iiwan ko sa iyo, Ernesto,” aniyang muli ni Lino sa tinig ng isang tahasan nang pamamaalam. “Ito’y alaalang bigay sa akin ng iyong ina! Sa pakikilaban sa Bataan; sa pagkapiit sa Kapas; sa pamumundok namin bilang mga gerilya; sa malaong pakikipagsaparan natin sa Maynila hanggang sa mga sandaling ito, ang alaalang ito’y hindi nawalay sa katawan ko saglit man!” Dinukot ni Lino sa kaniyang lukbutan ang isang kalupi at inilabas mula sa isang tanging pitak nito ang isang munting krusipihong aluminyo na may nakapakong larawan ni Kristo. “Ingatan mo ito at pakamahalin alang-alang sa nakalarawan, sa iyong ina, at sa akin!” Hinagkan muna ni Lino ang krusipiho bago hinawakan ang kamay ng anak at inilagay iyon sa lahad na palad. “Maraming pagkakataong iniligtas ako nito sa panganib. Gayon ang naging paniniwala ko, Ernesto. Di mamakailang sa gitna ng malulupit na pangangailangan natin sa Maynila at dinadalanginan ko iyan at ako’y dininig. Naging mabisang tulay iyan sa mga dalangin ko sa Diyos!” Binitiwan na ni Lino ang kamay ng anak.

“Itay, tawag ni Ernesto sa kumikinig na tinig at di tinikom ang palad na kinasasalalayan ng krusipiho. Ayokong kunin ito sa iyo! Ibig kong makaligtas ka, Itay! Ayoko,ayoko, Itay!”

“Ernesto!” ang tawag ng ama sa di-natitigatig na tinig, “Ikaw ang lalong mangangailangan niyan! Higit na mahaba ang panahong tatahakin mo pa sa buhay, anak ko! Alanganin nang lubha ang haba at kulay ng mga araw sa aking harapan!”

Pag buhay ka lamang, Itay, hindi ako maano, hindi ako matatakot! Oo, Itay! Maski hindi na ako kumain, Itay!”

“Ernesto!” ang mairog na tawag ng ama. “Hindi mo pa nauunawaan ang hiwaga ng buhay! Sundin mo ang sinasabi ko sa iyo. Ingatan mo at pakamahalin ang alaalang iyan ng iyong ina!”

“Itaaay!” tutol pa rin ni Ernesto.

“Ipinakikiusap ko sa iyo, anak ko!”

Hindi na nakatutol si Ernesto. Dahan-dahang iniunat ang nanginginig na mga daliri; inilahad ang palad at pinakatitigan ang krusipiho na sa mga mata’y nunukal ang luha; at, sa simbuyo mandin ng di mapaglabanang hinagpis, isinubsob ng bata ang kaniyang mukha sa krusipiho at pasigaw na aniya:

“Diyos ko po! Si Itay ko po!”

Tahasan nang umiyak si Miss Lavadia. Humagulgol si Aling Ambrosia. Si Miss Sanchez ay pasugod na lumapit kay Ernesto niyakap ito, saka basa ng luha ang mga matang humarap kay Lino.

“Miss Sanchez!” ang magalang na bati ni Lino bago nakapagsalita ang dalaga. “Tila kayo anghel na nakikita namin kapag may dalita.”

“Mang Lino! Tawag ni Miss Sanchez sa tinig na tigib ng panggigipuspos. “Mang Lino!ang pamuling tawag :Hindi ko kailangang malaman kung bakit kayo hinuhuli! Nguni’t ibig kong ipakiusap sa inyo, kung may tiwala kayo sa akin, na sa akin na sana maihahabilin si Ernesto!”

“A! Nasa gipit na katayuan kami, Miss Sanchez,” ang marahang tugon ni Lino. “Isang kapalaluang tanggihan ko ang isang matapat na pagkakawaanggawa! Opo, Miss Sanchez! Inihahahbilin ko siya sa inyo. Maging sa anumang kalagayan siya maturing ay tatanawin kong utang-na-loob sa buong buhay ko!”

“Aariin ko siyang akin, Mang Lino! Pagpapalain ko! Papag-aralin ko! Magiging kapatid siya ni Erni, na isa ring ulila. Sisikapin kong matanim sa puso at isip niya ang mga aral na aking narinig. Buung-buo na makukuha ninyo siya sa akin sa anumang sandali na maibigan ninyo1

“Salamat, Miss Sanchez! Hindi ko kayo malilimot kailanman. Magiging panata ko, mula ngayon, ang pagsisikap na makaganting-loob sa inyo. Ngunit iiwan ko sa iyo ang isang kataga, na isinasamo kong paniwalaan sana ninyo!”

“Opo! Sabihin ninyo Mang Lino!”

Wala nang panahong maisalaysay ko pa ang mga tunay na nangyari,” ani ni Lino. “Balang araw ay malalaman din ninyo kaipala ang lahat lahat. Ngayo’y wala akong tanging sasabihin sa inyo, Miss. Sanchez, kundi Wala akong Sala!”

“Naniniwala ako sa inyo, Mang Lino,” ang madaling tugon ni Miss. Sanchez at bigay na bigay na tumitig sa kausap.

“Anuman ang mangyari; anuman ang kahantungan; at anuman ang sabihin ng mga tao, ay naniniwala ako ngayon pa, at maniniwala ako kailanman, na wala nga kayong sala, Mang Lino, pagkat gayon ang sinabi ninyo sa akin! Hindi iyan lamang. Idadalangin namin ang inyong kaligtasan. Pumanatag kayo at huwag ninyong alalahanin si Ernesto.”

“Miss. Sanchez! Hindi ko malirip kung paanong naging marapat ang kaliitan namin sa inyong pagtingin. Gayon ma’y paniwalaan ninyong buhay ko man ibibigay nang dahil sa inyo!”

Bago nakapagsalita ng anuman si Miss Sanchez, si Lino ay mabilis na yumukod at humalik sa dahon ng pamaypay na anahaw na nakabitin sa kamay ng dalaga. Napayuko si Miss Sanchez at nagbuntunghininga.

“Ernesto!” ang malungkot na tawag ni Lino sa kaniyang anak. “Maiiwan kita kay Miss Sanchez. Magpapakabait ka at maging masunurin. Babalik ako sa iyo, anak ko!

Pasugod na yumakap si Ernesto sa kaniyang ama na tila di makapangusap. Niyakap siya nang buong higpit ni Lino at hinagkan nang hinagkan.

Sa lalapit na noon si Kabo Lontoc at si Estanislao Villas. Kasunod nila ang isang maalikabok na jeep na pinalalakad ng isa sa tatlong kawal na lulan. Sa hudyat ng kabo, isa sa mga kawal ang bumaba at naglabas ng posas.

“Utang-na-loob, Kabo Lontoc,” ani Miss Sanchez at lumapit sa kabo, “huwag ninyo silang kabitan ng posas. Pinanagutan ko sa inyo na hindi sila tatakas!”

“Kasama akong mananagot, Kabo!” susuog naman ni Villas.

“Kami man, sagot din!” ang halos sabay-sabay na pakli naman ng marami.

“Kung may balak man lamang na magtago ‘yan, hindi rito sa Pinyahan titira ‘yan nang lantaran” ang palabi at patalilis na wika ng isang matandang babaing may pandudurang nagluwa sa sapa. “Puwe!”

“Marangal na tao ‘yan, kahit na ganyan lang sa tingin! Sabad ng isang matandang lalaki na umingus-ingos.

“Bakit ba di magtago, kundangan, gayon pala’t dapat sagutin?” sumbat ng isa pang matandang lalaki. Di kaya nakikitang ‘yun lang hindi nagtatago ang siyang dinadakip?”

“E, kung gayon,” ani ni Kabo Lontoc, matapos mag-isip sandali. “Private Gorospe!” baling sa may hawak na galang. “Ibulsa mo na lang ‘yang bastus na posas na ‘yan!” Hindi kailangan ‘yan,” aniya pa at binalingan si Lino. “Paano, kaibigan?”

“Sasama ako sa inyo,” aniya ni Lino na malungkot nguni’t payapang humarap sa marami. “kung minsan’y kailangan din pala ang isang kasawian para maunawa ng tao na may halaga pa siya sa kaniyang kapwa! Salamat sa inyong lahat! Sa mga utang-na-loob namin sa inyo,” aniya pa at malungkot na tumingin kay Ernesto, “ay iiwan kong sangla sa inyo ang aking anak.”

Pinagkabilaang akbayan ni Miss Sanchez at Miss Lavadia si Ernesto. Walang kaimik-imik na nakatitig ang bata sa mukha ng kaniyang ama.

Sa malakas na pag-alon ng dibdib ng bata, sa mahigpit na pagkakatikom ng kaniyang mga labi at sa mga matang itinititig na pilit bagaman labis na nahihilam ay dagling masisinag ang malaking nais na makapag-anyong matibay sa paningin ng kaniyang ama sa kabila ng matinding simbuyo ng hapis.

Malayo na ang sasakyang nilulunanan ni Lino ay nasa gayong anyo pa rin si Ernesto. Walang kurap na nakatitig sa malayo. Tila walang nakikitang anuman sa natatanaw. Parang walang nararamdaman, ni naririnig, sa kaniyang paligid. Waring nasaid ang luha sa tindi ng dusang kumuyom sa dibdib.

“Ernesto!” ang nahahambal na tawag ni Miss Sanchez sa pagkakatitig sa mukha ng bata.”Bayaan mong malaglag ang mga luha mo! Sulong umiyak ka! Makagiginhawa ‘yan sa dibdib mo!”

“Siyanga, Ernesto!” tigib-lunos na udyok ni Miss Lavadia.

Tiningala ni Ernesto si Miss Sanchez at si Miss Lavadia. Nakita ng dalawa na may namuong luha sa mga mata ng bata, na biglang yumuko at humihikbi-hikbing halos mapugtuan ng hininga.

“Ernesto!” ang masuyong tawag ni Miss Sanchez sa umiiyak na tinig. :” Tibayan mo ang loob mo! Talagang ganyan ang buhay! Maraming pagsubok! Maraming pagtitiis ! Ngunit umasa kang hindi ka pababayaan! Ituturing kitang tunay na akin, Ernesto!”

“Ang Itay ko,” ang pahikbing wika ni Ernesto sa tinig na tigib ng masaklap na hinanakit, “panay siyang hirap…panay siyang pagtitiis!”

“Umasa kang liligaya rin siya, Ernesto!” ang mahambal na alo ni Miss Sanchez. :Gaya rin ng araw: may dilim at may liwanag ang buhay!.. Tena na Ernesto!” yaya na ng dalaga at masuyong inakbayang muli ang bata. “Aling Ambrosia!” baling na tawag sa labandera. “Lalakad na kami. Kung may anoman sina Ernesto na dapat dalhin sa amin ay kayo na sana ang bahala!”

“Opo, Miss Sanchez!” anang labandera. Ako na ang bahala! Isama na ninyo siya.

Isang tinging balot ng magkakalangkap na lungkot, habag at paghanga ng naiwang kanayon ang pumatnubay sa paglakad nina Miss Sanchez, Miss Lavadia at Ernesto.

“Kaawa-awang bata!” ang sagut-sagutang wika ng marami. “Magandang lalaki at mabait” anang ilan.

“Talagang pambihirang babae ‘yang si Miss Sanchez.” anang isang matandang lalaki naman. “Mabuti na lamang at sa kaniya nahabilin ang bata!”

“Ba! Mang Islaw!” tawag ng isang babae na nakapansing naroon pa si Estanislao Villas. “Paano ba? Hindi ba kikilos ang ating kapisanan?”

“Iyan din ang iniisip ko,” ang tugon ni Villas.

**Linangin mo….**

*Pagsusuring Panlinggwistika*

Panuto: Ang mga salitang may salungguhit sa Hanay A ay mga mahihirap na salita na ginamit ng may-akda. Hanapin mo ang katumbas na kahulugan nito sa Hanay B. Titik lamang ang isulat

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ______1. saglit munang <u>tinaya</u> ang pag-uusap ng mag-ama | a. mamatay |
| ______2. <u>napako</u> ang tingin sa dalagang dumaan | b. maganda |
| ______3. <u>nanunot</u> sa kaluluwa ang magandang sinabi | c. natuon |
| | d. nalaglag |
| ______4. sa mata'y <u>nunukal ang luha</u> | e. sagad |
| ______5. <u>tiwasay</u> ang panahon sa kanyang paglisan | f. pinakiramdaman |

Panuto: Ibigay ang pahiwatig ng mga sumusunod na pahayag?
Isulat lamang ang titik ng tamang sagot.

Pahayag

1. Gumawa ka ng mabuti hindi sapagkat may langit kundi sapagkat mabuti ang mabuti.

2. Huwag kang mawawalan ng pananalig sa Diyos.

3. Sa pagkabulid lamang sa masama nararapat malaglag ang luha ng isang tunay na lalaki at hindi sa kasawian at kaapihan.

4. Alanganin nang lubha ang haba at kulay ng mga araw sa aking harapan

5. Kung minsa'y kailangan din pala ang kasawian para maunawaan ng tao na may halaga pa siya sa kanyang kapwa

a. Matanda na
b. Magtiwala sa Diyos
c. Gawin ang nararapat hindi dahil sa gantimpala
d. Sa oras ng pangangailangan malalaman ang mga nagpapahalaga sa iyo
e. Sa kasamaang ginawa dapat lamang na magsisisi at malungkot ang tao
f. Wala siyang maaasahan na tulong sa kapwa.

Alam mo ba kung ano ang nobela? Narito ang ilang kaalaman hinggil dito upang higit mong maunawaan . Ang nobela ay isang dulang ang pangyayari ay katha lamang ng may akda. Ang paksa nito'y nababatay sa mga tunay na pangyayari sa buhay ng tao. Ito'y naglalahad ng isang kawili-wiling pangyayaring hinahabi sa isang mahusay na pagkakabalangkas na ang pinakapangunahing sangkap ay ang paglalaban ng hangarin ng bayani sa isang dako at ang hangarin naman ng kanyang katunggali sa kabila.

Ang isang nobela'y dapat maglaman ng isang mabuting kuwento. Dapat ding magtaglay ito ng isang pag-aaral o pagmamasid sa mga gawa at kilos ng sangkatauhan, ng mga taong kasalamuha natin araw-araw.

Ang pangunahing layunin ng nobela ay lumibang , bagaman sa di-tahasang paraan, ito'y maaaring magturo, magtaguyod ng isang pagbabago sa pamumuhay o sa lipunan o magbigay kaya ng isang aral.

## *Pagsusuring Pangnilalaman*

Panuto: Piliin mo sa Hanay B ang mga kasagutan na tumutugon sa Hanay A. Titik lamang ang isulat

Hanay A

1. Pangunahing Tauhan
2. Suliranin
3. Tunggalian
4. Kasukdulan
5. Kakalasan

Hanay B

a. Hindi pagpayag ng mga taga nayon na dakpin si Mang Mino
b. Mang Lino
c. Pagpapaalamanan ng mag-amang Lino at Ernesto
d. Paghabilin ni Mang Lino kay Ms. Sanchez ng kanyang anak
e. Pagdakip kay Mang Lino sa pamumuno ni Kabo Lontoc
f. Payapang pagsama ni Mang Lino sa alagad ng batas

Panuto: Suriin mong mabuti ang tamang sagot sa bawat katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot

1. Ano ang bulung-bulungan sa pagdakip kay Mang Lino?
   a. benggansa
   b. pagnanakaw
   c. pagwawaldas ng pera
   d. pagpatay

2. Bakit masakit sa kalooban ng mga taga-nayon na dakpin si Mang Lino?
   a. alam nila na mabuting tao si Mang Lino
   b. maraming may kasalanan na malaya pa rin
   c. may anak siyang maiiwan
   d. hindi naging patas ang batas

3. Paano humupa ang init ng ulo ng mga kanayon ni Mang Lino laban kay Kabo Lontoc?
   a. pinagbigyan sila sa kanilang kahilingang di posasan si Mang Lino
   b. nang ipagpaliban ang pagdakip kay Mang Lino
   c. pinaliwanagan ni Ms. Sanchez ang mga kanayon na tumutupad lamang si Kabo sa kanyang tungkulin
   d. hinayaang makatakas si Mang Lino

4. Paano ipinakita ni Ms. Sanchez ang kanyang pagtulong kay Mang Lino
   a. Kinausap niya si Kabo na huwag nang hulihin si Mang Lino
   b. Hindi naniwala si Ms. Sanchez na may kasalanan si Mang Lino
   c. Kinupkop niya si Ernesto na anak ni Mang Lino
   d. Dinadalaw niya si Mang Lino sa kulungan

5. Paano hinarap ni Mang Lino ang pagsubok sa kanyang buhay?
   a. may positibong pagtingin sa buhay at pananampalataya sa Diyos
   b. pinilit na manalo sa kaso
   c. tinakasan ang suliranin
   d. umasa sa kanyang mga kanayon sa pakikipaglaban

## *Pagsusuring pampanitikan*

Sa pagbasa sa isang akda sa pananaw realismo, tinitingnan ng mambabasa ang mga pangyayaring inilahad sa akda na masasabing angkop na angkop sa tunay na buhay. Bahagi ng pagiging realidad ang mga pangyayaring buhay na buhay at nararanasan ng tao sa totoong buhay.

Ngayong naunawaan mo na ang akdang nasa pananaw realismo. Maaari ka ng magsimula sa susunod na gawain.

Panuto: Ibigay ang hinihingi ng bawat letra at isulat sa kahon

A. Pumili ng isang bahagi ng akda na maituturing na nangyayari na sa tunay na buhay

B. Ilahad ang kaangkupan nito sa tunay na buhay

C. Magbigay ng patunay

| A<br>Bahagi ng akda na nangyayari sa tunay na buhay | B<br>Kaangkupan ng pangyayari sa tunay na buhay | C<br>Patunay |
|---|---|---|
| | | |

## *Halagang pangkatauhan*

1. Makatwiran bang sabihin na maganda pa ang daigdig kung puro pagdurusa ang nararanasan?

2. Maraming katulad ni Mang Lino sa panahon ngayon na napagbibintangan sa kasalanang di ginawa. Kung isa ka sa kanila , ano ang katangiang dapat mong taglayin? Bakit?

Nakatapos ka na ba sa lahat ng mga gawain ? Iwasto mo na ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Nakakasiguro akong naragdagan na ang iyong kaalaman, ngunit di pa rito natatapos.

Marami pa akong gawain na inihanda upang makatulong sa iyo.

**Palalimin mo ……**

Dugtungan mo ang mga sumusunod na mga palagay . Matapos kong mabasa ang Nobelang "Maganda Pa Ang Daigdig"

Nabatid kong ______________________________________

Natutunan kong ____________________________________

Napatunayan kong __________________________________

Tingnan mo sa susi sa pagwawasto ang tamang sagot at iwasto mo ito.

**Gamitin mo ……..**

Panuto: Lagyan mo ng tsek ( / ) ang mga kaisipang sa palagay mo ay tama at ( x ) kung mali

1. Laging sumunod sa tawag ng tungkuling sinumpaan
2. Tulungan ang mga taong maaaring tumulong din sa iyo
3. Magkaroon nang matibay na pananalig sa Diyos
4. Iwaksi ang galit sa diwa't damdamin
5. Matutong tumakas sa batas kung may pagkakataon
6. Mahalin ang kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili
7. Huwag bigyan ng pagkakataong maipagtanggol ng tao ang kanyang sarili kung sa tingin mo'y nagkasala siya

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Ngayon, subukin mo namang sagutan ang susunod na gawain

**Sulatin mo ……**

Panuto: Punan ng nawawalang salita ang bawat patlang upang makasulat ng islogan. Hanapin mo sa kahon ang tamang sagot at isulat sa patlang.

Ang ___________ng tao'y tunay na mahalaga
kaya't dapat ________________ at isaisip tuwina.

Pagtitiwala sa ______________ay kailangan.
Ito ang ________________ sa 'tin sa kapahamakan.

Anumang _______________ginawa sa iyong kapwa
Sa Panginoon, ito'y tunay na may __________________________

| | | |
|---|---|---|
| gantimpala | magliligtas | taglayin |
| asal | karangalan | Panginoon |
| kabutihang | larawan | kaloob |

.

Iwasto mo muli ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Naging magaan ba sa iyo ang gawain? Binabati kita.

**Lagumin mo ……..**

Nagustuhan mo ba ang nobela? Di ba't totoong ito'y napapanahon? Alam kong marami ka ng natutunan. Subukin mo muli ang gawin ito.

Panuto: Hanapin mo sa ibaba ang angkop na kaisipang napulot mo sa akda. Lagyan lamang ng tsek ang katabi ng bilang na iyong napili.

1. Ang buhay ay puno ng pakikipagtunggali kaya't kailangang laging handa sa lahat ng oras.

2. Nagiging matatag ang pagsasamahan kung ang lahat ay nagtutulungan.

3. Sa oras ng kagipitan makikilala ang tunay na kaibigan.

4. Walang kinatatakutan ang taong may malinis na puso.

5. Alisin mo ang dungis sa iyong mukha bago alisin ang dungis ng iba.

6. Ang pananampalataya natin sa Diyos ang siyang magliligtas sa atin.

Balikan mo muli ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Iwasto mo ang iyong gawa.

**Subukin mo ……**

Subukin natin kung hanggang saan ang iyong natutunan. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit.

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot

1. Benggansa lamang ang dahilan ng pagdakip kay Mang Lino . Ang kahulugan ng benggansa ay :

    a. paratang
    b. sugal
    c. ganti
    d. karma

2. Walang <u>kamalak malak</u> na hinuli ang mga korap na opisyales ng pamahalaan. Ang salitang may salungguhit ay nangangahulugang….

    a. pruweba
    b. kabalak-balak
    c. gumusto
    d. patawad

3. Nanuot hanggang buto ang galit niya sa pumatay sa kanyang asawa. Ang ibig sabihin nito ay:

    a. matindi ang galit niya sa tao
    b. walang awa sa taong pumatay
    c. malalim ang sugat na nararamdaman
    d. hindi kayang kontrolin ang galit

4. Ang bagay na sumisimbolo na si Mang Lino ay maka-Diyos

    a. Santong nasa bahay
    b. krusipihong nasa kalupi
    c. nobena sa pitaka
    d. rosaryo sa leeg

5. Sa pagdakip kay Mang Lino ni Kabo Lontoc , hindi naisip ni Mang Lino na

    a. magpaalam sa anak
    b. tumakas sa batas
    c. maging mahinahon
    d. magpasalamat sa kanayon

6. Dinakip ni Kabo si Mang Lino dahil _______________

    a. problema siya sa lugar nila
    b. gumanti siya sa kasalanang ginawa sa kaniya ni Mang Lino
    c. nagsumbong ang mga kanayon ni Mang Lino sa kasalanang ginawa
    d. tumupad siya sa kanyang tungkulin

7. Ang buhay ng tao ay mahiwaga.  Ito'y nagpapahiwatig na …

    a. puro kasamaan ang nagaganap sa mundo
    b. di mo alam ang naghihintay sa iyong kapalaran
    c. maraming kababalaghang nagaganap
    d. maraming pangyayari na ninais mo

8. Ang pangyayaring di makatotohanan sa akda.

    a. paghabilin ni Mang Lino sa ibang tao ang anak
    b. hindi pagtakas ni Mang Lino
    c. hindi pagposas kay Mang Lino ng mga pulis
    d. maraming napagbibintangang walang kasalanan

9. Ipinag-utos ni Kabo Lontoc sa kanyang kasama na huwag nang posasan si Mang Lino sa pakiusap ni Ms. Sanchez.  Ang pangyayaring ito sa akda ay

    a. katawa-tawang pangyayari
    b. di maktotohanang pangyayari
    c. makatotohanang pangyayari
    d. kathang-isip na pangyayari

10. "Tibayan mo ang iyong loob; talagang ganyan ang buhay, punung-puno ng pagsubok"  Ang angkop na kaisipan sa pahayag na ito ay

    a. Nasa  Diyos ang awa, nasa tao ang gawa
    b. Habang may buhay may pag-asa
    c. Ang buhay ay pakikipagtunggali at pakikipagsapalaran
    d. Walang manloloko kung walang magpapaloko

Mataas ba ang iyong iskor ?  Kung 7 pataas ang iyong tamang sagot, pumunta ka sa susunod  na aralin.  Kung 6 naman pababa, isagawa mo pa ang susunod na gawain.

**Paunlarin mo …..**

Panuto:  Bumuo ka ng kaisipan tungkol sa aralin.  Ayusin ang mga susing salita na nasa kahon

| | |
|---|---|
| ang pagkakataon | pananaw sa buhay |
| ay kailangan | ang pakikipagsapalaran |
| upang ipagpatuloy | ng positibong |

| | | |
|---|---|---|
| mo sa lupa | | sa langit |
| na kabayaran | | anumang ginagawa |
| | ay may katumbas | |

Tingnan mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ito'y malapit sa tamang sagot ay batid kong handa ka na sa susunod na aralin. Kaya maaari ka ng magsimula.

# *Aralin 2: Titser*

## *Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?*

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo ang sumusunod na kasanayan:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga mahihirap na salita at mga piling pahiwatig na ginamit sa akda
2. Natutukoy ang mga mahahalagang detalye sa akda
3. Nasusuri ang akda batay sa magagandang saloobing ipinapahayag ng tauhan
4. Napatutunayan ang kahalagahan ng pagkakakroon ng paninindigan sa buhay
5. Nabubuo ang mga kaisipang may kaugnayan sa akda.

Iwasto ang iyong sagot, kunin ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro

.

## *Mga gawain sa pagkatuto*

**Alamin mo …**

Punan ng angkop na salita ang bawat patlang. Piliin sa ibaba ang tamang sagot.

_____________ang kailangan sa hanapbuhay na ito

_____________ang mabuting asal sa mga kabataang nalilito

_____________ito ay mahirap na trabaho

_____________pa ring maging marangal at tapat sa serbisyo

_____________sa mga kabataan at kapwa guro

_____________ibibigay ay kaligayahang matatamo

| | | |
|---|---|---|
| Sinisikap | Talino | Itinuturo |
| Edukasyon | Respeto | Totoo |
| Taliwas | Ehemplo | Relasyon |

Angkop ba ang mga salitang napili mo? Para makasiguro ka, tingnan mo sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Iwasto mo.

Pansinin mo ngayon ang unang letra ng bawat sagot. Kung pagsasama-samahin ang mga ito, anong salita ang mabubuo? Tama, Titser. May kaugnayan dito ang babasahin mong akda.

**Basahin mo…..**

Ang babasahin mo ay isa na namang nobela. Ito'y kauna-unahang nobela ng awtor na si Liwayway A. Arceo. Unang nalathala bilang serye sa Liwayway (23 Nobyembre 1953- 1 Nobyembre 1954) isinulat noong 1952 sa gabay ni Agustin C. Fabian; naging editor ng Graphic at general manager ng Liwayway Publications.
Sige basahin mo na .

## TITSER

(Kabanata 1 )

ni Liwayway B. Arceo

Paninindigan

Mula sa kinatatayuan ni Aling Rosa sa tabi ng bintana ay nakita niyang papasok na sa tarangkahan si Amelita. Hindi naikubli ng nag-aagaw na dilim at liwanag ang hapung-hapong anyo ni Amelita at ang hapis na mukhang pinalamlam ng pagod. Nguni't hindi rin nakubli sa paningin ng matanda na wari ay walang nadaramang pagod o hirap ang anak. Magaan din ang pag-angat at pagbasak ng mga paa nito. Tila may kasiyahang walang kahulilip ang imbay ng kanang braso, at ang kaliwa ay may kipkip na aklat at makapal na kuwaderno.

Hindi man lamang kumibo si Aling Rosa nang humalik ng kamay si Amelita, bagama't hindi niya nailihim ang nagpupuyos niyang damdamin. Natitiyak niyang napansin iyon ni Amelita; ilang saglit napatitig sa kaniya ang anak bago unti-unting ibinaba ang tingin.

“Ala ‘ata ang Tatang?” mahinang tanong ni Amelita.

“Ewan ko!” paasik na tugon ni Aling Rosa. Sinundan niya ng tingin si Amelita nang pumasok ito sa sariling silid.

“Talagang pinakagaga sa lahat ng anak ko ang isang ‘to, oo! Himutok ni Aling Rosa. “Maaari namin kumuha kahit anong mabuti-buting karera. . . nagpilit na maging titser lang! Ngayon . . ano? Alila ng buong nayon!”

Bumalik sa gunita ni Aling Rosa ang mga natupad na pangarap sa pagpapalaki sa kaniyang mga anak nang pumasok sa salas ni Mang Ambo.

Bahagyang hinukot na ng panahon ang mga balikat ni Mang Ambo, katuwas ng malalapad at tila higit na matatag na mga balikat ni Aling Rosa. May ilang gatla na sa mga pisngi si Mang Ambo na hindi naging sagabal sa anyong kapita-pitagan: nagbibigay-tingkad iyon sa payak nguni’t kagalang-galang na anyo. Ang katalinuhang kumikislap sa mga mata ay pinatitingkad ng mga salit na pilak sa buhok. At ang tinig na mahina at banayad, kalbayo ng matigas at makapangyarihan at buong-buong tinig ni Aling Rosa.

“Oy,” salubong ni Mang Ambo sa kaniya, “dumating na ba’ng anak mo?”

“Oo, nar’yan na sa kuwarto niya!” matabang na tugon ni Aling Rosa.

“O. e ano’ng nangyari’t ganyan na naman ang mukha mo? Hindi raw ba siya sasama?” Sa pagsasalita ni Mang Ambo ay hindi mapag-aalinglanganang kilalang-kilala nito ang asawa.

“Ewan ko … hindi ko pa naman sinasabi!”

“Gan’on pala naman, e … ano’t parang bigung-bigo ka na?”

“Ku…e makita ko lang ang ayos ng anak mong ‘yan, pinagsisiklaban na ‘ko ng galit!”

“Bakit naman?”

“Naku, Ambo …ma’nong huwag ka nang magmaang-maangan! Hindi ba ikaw itong laging nakapupunang nangangayat na sa pagtuturo ang anak mong ‘yan? Pa’no laging pagod na pagod!”

Napatango si Mang Ambo. “Sa tingin ko’y nasisiyahan naman sa pagtuturo ang batang ‘yan, a … baya’n mo na lang ! Pumayag ka na rin lang na ‘yan ang pag-aaralan niya..”

“Bakit nga hindi pa ‘ko papayag, e sa nakita kong kahit patayin ko’y ang gusto rin niya ang susundin!” Gigil na gigil si Aling Rosa sa pagsasalita at lumilitaw ang mga ugat sa leeg.

“Baya’n mo na …talagang gayan ang bunso!”

“Bunso!” Hinagod ni Aling Rosa ang buhok na nakalag sa pagkakapusod at padarag na ibinuhol uli ‘yon, at sinundan ng pagpalis sa ilang hiblang nalaglag sa noo. “Kung hindi ko lang inaalalang masisira ang linya ng ating pamilya sa pagkakaroon ng isang anak na hindi de titulo… kailan ako pumayag?

Hindi kumibo si Mang Ambo. Hindi nito masasabing mali ang asawa. Nakita nito ang katwiran niya sa pagpipilit na makatapos ang mga anak sa pag-aaral at makakuha ng mga karerang tinitingala. Hindi sila mayaman, nguni’t sadyang hinahangaan sila ng buong nayon sa ginawang pagpapaaral sa mga anak.

Halos nahuhulaan na ni Aling Rosa kung ano ang nasa isipan ni Mang Ambo. “Ayaw ka lang maniwala sa ‘kin no’ng una at ‘ika mo’y mahihirapan tayo …o, ano’ng nangyari? Kung hindi natin iginapang si Norberto at naging inhinyero,,papatusin ba ni Marina? Siyempre pang isang masalapi ring tulad niya ang kukunin ni Marina. O kaya, isang propesor din sa musika paris niya. Pero hindi, e. Naibigan niya si Norberto dahil sa sariling dunong at titulo. At nakatulong pa sa pagpapaaral sa mga sumunod sa kaniya. O, ano…hindi ba?”

Tumungo si Mang Ambo. “Ang itinatanong ko lang naman e kung napag-usapan na ninyo ni Amelita. Sasama raw ba siya o hindi?”

“Pinag-initan na nga ako ng ulo nang makita ko ang itsura ng anak mo!” mariing sagot ni Aling Rosa.

“Bakit nga?”

“Parang nahuhulaan ko ang isasagot.  Pihong sasabihin n’yan ay pagod siya sa maghapong pagtuturo!”

“Ikaw naman, oo!  Hindi mo pa pala nasasabi.e …gumagawa ka na ng hula kung ano’ng isasagot.  Tawagin mo nga! Aba, kung hindi siya makasasama kay Osmundo, masabi na agad.  Mahirap nang maghintay sa wala ‘yong tao!”

“Sus, bakit naiba ang salita mo ngayon?  Dati’y ikaw ‘tong nagtatanggol sa anak mo.  Sa ‘kin ka pa nagagalit at ‘ika mo’y lagi ko na lang pinipilit ang anak mo!”

“Alam mo, Oy …inaabot na rin ako ng kahihiyan kay Osmundo!  Kung pakiharapan mo’y parang may pag-asa ‘yong tao.  E itong pag-uukulan ng pagpapagod, e hindi natin matiyak ang kalooban!”  Hindi malaman ni Mang Ambo kung paano magpapaliwanag.

Bahagyang napawi ang pangungulimlim ng mukha ni Aling Rosa.  Tinawag ni Mang Ambo si Amelita.  Nang lumabas ito mula sa silid ay nakasuot  na ng pambahay at hawak sa kanang kamay ang isang walang takip na fountain pen.

“Aba, narito na pala kayo, Tatang! Sabay ang paghalik sa kamay ng ama.

“May sasabihin daw ang Inang mo ..” sa halip ay tugon ni Mang Ambo at sinulyapan si Aling Rosa.

“Ano ‘yon, Inang?”

“Kinukumbida ka ni  Osmundo..may benepisyo sa kapitolyo.  Dadaan daw dito ngayon..”Walang kagatul-gatol na pagsasalita ni Aling Rosa.

“Ang dami kong trabaho ngayon e…” matatag na tugon ni Amelita.  Nguni’t napatungo na!”

“Aba,” biglang tumigas ang tinig ni Aling Rosa, “nakasagot na ‘ko.  Mag-ayus-ayos ka na!”

“Pero, Inang…” Nangapos ang paghinga ni Amelita.

“Amelita!” Mariin ang pagkakabigkas ni Aling Rosa sa pangalan ng anak.  “Bukod-tangi ka sa lahat ng anak ko, ha?  Walang-hiya ka! Ikaw pa’ng bunso..ikaw pang natutong sumuway sa lahat ng gusto ko!”

Tungung-tungo si Amelita.

“Hindi ba’t sa simula pa lang, ayoko niyang kinuha mong karera?  Ayoko, dahil magiging alangan ka nga sa mga kapatid mo!  Hindi ka nahihiya n’yan?  Ang Kuya Norberto mo’y inhinyero, ang hipag mo’y propesora.  Ang Dikong Jose mo, abogado..kaya’t ang napangasawa, abogada.  Ang Ate Lourdes mo, palibhasa’y parmasiyutika..madaling makapag-asawa ng doctor.  Ang Ditseng Felisa mo, doktora…nakapag-asawa ng doctor din!  May kani-kaniyang bahay, may kotse..e, ikaw?” at sinabayan ng surot sa mukha ni Amelita.

Hinawakan ni Mang Ambo sa braso si Aling Rosa at tinangkang hadlangan siya sa iniisip pa niyang isagawa.  Nguni’t mabilis niyang pinalis ang kamay ng asawa.

“Baya’n mo nga ako!” at pagalit na hinarap si Mang Ambo.  “Bakit, ito ba’ng ginagawa ko e para sa sarili ko lang?  Hindi ba para sa kaniya?  Ayan…hindi ako sinunod ng anak mong ‘yan, kaya’t siya lang ang hirap na hirap sa trabaho!  Siya ang halos walang kinikita dahil abunadong lagi sa klase.  Trabahong alipin ang ginagawa!”

Nagtaas ng mukha si Amelita. “Nasisiyahan naman ako sa pagtuturo, Inang!” Mahina nguni’t matatag ang tinig.

“Sasabihin mo nga bang nasisiyahan?  Talagang hindi ka makapagreklamo dahil ikaw ang pumili ng karerang ‘yan.  Pero may paraan naman para makalayo ka sa ganyang buhay…”Isang makahulugang tingin ang ipinukol ni Aling Rosa kay Mang Ambo.  “Kung mapapangasawa mo si Osmundo.”

Napaungol si Amelita.

Tinapunan ito ng tingin ni Aling Rosa. Namumutla ang mga labi nito. Hindi maililihim ang pagkabigla.

"Bakit…hindi ba totoo ang sinasabi ko?" patuloy ni Aling Rosa. "Sa laki ba naman ng kayamanan ni Osmundo..sa lawak ng mga lupain at sakahan, kakailanganin mo pa ang magturo?"

Napansin ni Aling Rosa ang pagtigas ng kalamnan sa mukha ni Amelita. Nangilid ang luha sa mga mata nito.

"Matagal nang nakikiusap sa 'kin si Osmundo," patuloy ni Aling Rosa,"at palagay ko naman, napapanahon na para sumagot ka!" Nag-uutos ang tinig niya.

Pero, Inang…" Nangangatal na tinig ni Amelita nang magsalita. "hindi ko naman maaaring sundin ang…"

"Alin ang hindi maaari?" agaw ni Aling Rosa. "Lahat ng gusto ko'y nasuway mo na Amelita..pero ang isang ito'y hindi mo maaaring baliin!"

"Inang," higit nang matatag ang tinig ni Amelita, "kailangang malaman ni Osmundo na ngayon na…na hindi maaari.

Nagdilim ang mukha ni Aling Rosa. "Bakit hindi maaari? Bakit? At niyugyog niya ang dalawang balikat ni Amelita hanggang mabitiwan nito ang hawak na fountain pen.

Maging si Mang Ambo ay hindi nagkaroon ng lakas ng loob na damputin ang nabitiwan ni Amelita.

**Linangin mo ….**

## *Pagsusuring Panlinggwistika*

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang mga salitang may salungguhit. pagkatapos ayusin mo ang mga letra na nasa kahon upang matukoy ang kahulugan.

Isulat sa patlang.

1. <u>Bukod tangi</u> sa lahat
   ang kanyang kagandahan ___________

   | g a n<br>s a i i |
   |---|

2. Ang balak na pag-aralan
   ay <u>tinangkang</u>
   hadlangan ________________

   | l k a<br>i n a d |
   |---|

3. Pinalis niya ang kamay
   ng asawa na nasa kanyang
   balikat________________

| |
|---|
| n a t i<br>b i g |

4. Hindi matanggap ng mga
   kawani ng pamahalaan
   ang mga benepisyo nila
   _____________

| |
|---|
| p a i<br>b a n<br>k n a g |

5. Paasik na tugon ang
   ibinigay sa kasamaang
   loob ____________

| |
|---|
| a g<br>i t l |

Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na pahayag at pahiwatig. pagbatayan ang kahulugan na nasa ibaba. Isulat ang titik ng tamang sagot sa tabi ng bilang.

_____1. Hindi naikubli ng nag-aagaw na dilim at liwanag ang hapung-hapong anyo ni Amelita.

_____2. Hinukot na ng panahon ang mga balikat ni Mang Ambo

_____3. Bahagyang napawi ang pangungulimlim ng mukha ni Aling Rosa

_____4. Nangapos ang hininga sa galit

_____5. Pinilit na makatapos ang mga anak at makakuha ng mga karerang tinitingala

a. Nahirapang huminga
b. Pinagtapos ang mga anak ng mataas na uri ng kurso
c. Hindi naitago ang galit
d. Dapithapon na kung umuwi kaya't kitang-kita ang pagod sa mukha
e. Tumanda na
f. Naibsan ang galit

## *Pagsusuring Pangnilalaman*

Panuto: Piliin mo sa Hanay B ang mga kasagutang tumutugon sa Hanay A. Titik lamang ang isulat.

| Hanay A | | Hanay B |
|---|---|---|
| 1. Kursong pinili ni Amelita | - | desisyong titser ang kuning kurso |
| 2. Ang hindi makaunawa sa desisyon ni Amelita | - | lahat ng anak ay de titulo |
| 3. Puno't dulo ng pagtatalo ng mag-inang Aling Rosa at Amelita | - | Mang Ambo |
| 4. Higit na nakakikilala kay Aling Rosa | - | titser |
| 5. Sapilitang pagsang-ayon ni Aling Rosa sa piniling kurso ng anak | - | Aling Rosa |
| 6. Layunin ni Aling Rosa sa pagpapakasal sa anak kay Osmundo | - | sariling pagpapasya |
| 7. Katangiag ipinakita ni Amelita sa desisyong ginawa | - | makaahon si Amelita sa hirap ng buhay ng pagiging guro |
| | - | makilala sa nayon |


# *Pagsusuring Pampanitikan*

Bago mo gawin ang susunod na gawain.  Alamin mo muna ang isinasaad ng nasa loob ng kahon.

> Kung babasahin ang isang akdang pampanitikan sa pananaw humanismo, maaaring bigyang-pansin ang magagandang saloobin ng tao na nakapaloob sa mga tiyak na pahayag ng akda.  Bukod dito, maaari ring suriin ang akda batay sa magagandang damdaming ipinapahayag ng tauhan.

Ngayong nauunawaan mo na ang tungkol sa teoryang humanismo, simulan mo ng  sagutin ang gawain sa ibaba.

Isulat mo sa kahon ang iyong sagot



## *Halagang Pangkatauhan*

1. Kanino ang simpatya mo, kay

a. Amelita na hinangad lamang magkaroon ng sariling disposisyon sa buhay upang lumigaya
b. Aling Rosa na ang hinangad lamang ay ang makabubuti para sa anak

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

2. Tama bang magkaroon ng sariling pagpapasiya ang anak na labag sa kagustuhan ng magulang tulad ng ginawa ni Amelita? Bakit?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Nagawa mo ba lahat ng pagsasanay? Nadalian ka bang sagutin ang mga katanungan?

Iwasto mo ang iyong sagot sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro.

**Palalimin mo…..**


1. Bahagi pa rin ba ng pagiging ina ang pagpili ng mapapangasawa ng anak? Kung masusunod ang kagustuhan ni Aling Rosa na ipakasal ang anak na labag sa kalooban nito, anu-ano ang maaaring ibunga nito (PIN)

| Positibo | Kasiya-siya | Negatibo |
| --- | --- | --- |
| | | |

Tingnan mo ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong sagot ay malapit sa tamang sagot , katanggap-tanggap na ito.

**Gamitin mo….**

Panuto: Piliin sa ibaba ang mga wasto at maling pagpapahalaga sa buhay. Isulat sa dayagram.




1. Pagbibigay ng tamang panahon sa trabaho.

2. Pakikisama dahil sa pera

3. Pagkakaroon ng matatag na pagpapasya

4. Pagsunod sa tamang tagubilin ng magulang

5. Paglagay sa tao sa kahihiyan na makakabuti sa iyong sarili

6. Pagpili ng magulang ng mapapangasawa ng anak kahit labag sa kalooban ng anak

Iwasto mo na ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**Sulatin mo….**

Panuto: Punan ng nawawalang salita ang bawat patlang upang mabuo ang tamang sagot sa loob ng kahon sa ibaba.

1. Ang anumang nais na piliing ___________________________
   Kailanga'y lakas ng loob at ___________________________

2. Sa bawat _____________at mga paggawa
   Dapat magpasya kung mali o ________________

3. Gawing matatag ang ______________________taglay
   Tungkuli'y _________________nang may pagmamahal

| | |
|---|---|
| prinsipyong | larangan |
| tama | gampanan |
| pagkilos | paninindigan |

Tingnan mo ang sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**Lagumin mo ….**

Panuto: Lagyan ng tsek sa tabi ng bawat bilang na tumutugon sa mga natutunan mo sa aralin.

______1. Kahulugan ng nobela
______2. Kaalaman tungkol sa awtor
______3. Kahalagahan ng pamilya
______4. Kahalagahan ng pagkakaroon ng paninindigan
______5. Pagpili ng tamang kurso
______6. Pagkilala sa saloobin at damdamin ng tauhan
______7. Pagkakaroon ng pag-asa sa buhay
______8. Pagbibigay ng kahulugan sa mga pahiwatig o pahayag

**Subukin mo….**

Subukin natin kung hanggang saan sa kabuuan ang iyong natutunan. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit.

1. May ilang <u>gatla</u> na sa mga pisngi ni Mang Ambo. Ang kahulugan ng salitang may salungguhit ay:

   a. hiwa
   b. kulubot
   c. marka
   d. gilit

2. Ang mga pilak sa kanyang buhok ay nagpapatunay na marami na siyang pinagdaanan sa buhay. Ang kahulugan ng pilak sa buhok ay :

   a. puting buhok
   b. pagiging matanda
   c. pinaglipasan ng panahon
   d. yaman

3. May kasiyahang walang kahulilip ang kilos niya't galaw. Ito'y nangangahulugang

   a. walang wakas na kaligayahan ang nadama
   b. sobrang ligaya ang naghahari
   c. laging maligaya
   d. walang katumbas na kaligayahan ang nadama

4 - 5 Ang dalawang kaisipang angkop sa akdang binasa ay

a. Igalang ang iyong mga magulang
b.Huwag lilihis sa kagustuhan ng magulang
c. Walang magulang ang naghangad ng kasamaan sa anak
d. Mahalaga ang tamang pagpapasiya sa buhay ng tao.

6. Lalong ikinagalit ni Aling Rosa ang

a. pag-alis ni Amelita ng walang paalam
b. nang magpasiya si Amelita na sabihin kay Osmundo na wala siyang maaasahan
c. di papayag si Amelitang sumama sa imbitasyon ni Osmundo
d. panghihiya ni Amelita kay Osmundo

7. Napansin ni Aling Rosa ang pagtigas ng kalamnan ng mukha ni Amelita. Ang pagtigas ng kalamnan ng mukha ay nagpapahiwatig ng:

a. matatag niyang desisyon
b. di sang-ayon sa gusto ng ina
c. matigas ang kalooban
d. nakaramdam ng pananakit ng mukha

8. Hindi man lamang kumibo si Aling Rosa nang humalik ng kamay si Amelita ang katangiang ipinakita ni Aling Rosa ay:

a. matatag na kalooban
b. matigas ang kalooban
c. pagiging magagalitin
d. mapagmalaki sa iba

9. Ayaw paasahin ni Amelita si Osmundo sa kanyang pag-ibig. Nangangahulugan lamang na si Amelita ay

a. di mapagsamantala
b. totoong tao
c. simpleng dalaga
d. manhid sa pag-ibig


10. “Mahalaga ang may sariling paninindigan upang ipaglaban ang iyong karapatan” Ang pahayag na ito’y

a. sariling opinyon
b. sariling palagay
c. katotohanan
d. kongklusyon


Iwasto mo ngayon ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro . Kung ang iyong iskor ay 7 – 10 sagutan mo na ang huling pagsubok. Kung 6 naman pababa isagawa mo pa ang susunod na gawain

**Paunlarin mo …….**

Anong kaisipan ang nililinang ng akda? Anong mga detalye ang sumusoporta rito?




Tingnan mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang niyong sagot ay malapit dito, maaari na ito.



## *Gaano ka na kahusay?*

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot.

1. Nanunuot hanggang buto ang sakit na kanyang naramdaman
   Ang kahulugan ng may salungguhit ay:

   a. nananatili hanggang buto
   b. nakadikit hanggang buto
   c. sagad sa buto
   d. natutuyo ang buto

2. Ipinahihiwatig naman ng pahayag na may salungguhit sa bilang isa ay:

   a. matindi ang sakit na naramdaman
   b. walang pag-asang gumaling
   c. hindi kayang labanan
   d. walang katumbas na sakit ang naramdaman

3. Ang paasik na pagsagot sa guro ay di dapat tularan. Ano ang ibig sabihin ng paasik?

   a. paangas
   b. pabulong
   c. pabalang
   d. pasigaw

4. "Sasama ako sa inyo." Ang pahayag na ito ni Mang Lino ay nagpapahiwatig na:

   a. masama ang loob sa nangyari
   b. walang balak tumakas
   c. aminadong may kasalanan
   d. malinis ang konsensiya

5. "Bakit ito bang ginagawa ko ay para sa akin lamang?" Ito ay sinabi ni:

   a. Ms. Sanchez
   b. Aling Rosa
   c. Mang Lino
   d. Amelita

6. Ang kaisipang sumusuporta sa akdang "Maganda pa ang Daigdig" ay

   a. walang matimtimang birhen sa matiyagang manalangin
   b. ang tunay na pagpapatawad ay nasa puso
   c. maging positibo sa pagtanaw sa buhay
   d. walang taong nabubuhay para sa sarili lamang

7. Ang akda'y naglalahad ng mga pangyayaring angkop sa tunay na buhay ay nasa teoryang

   a. Humanismo
   b. Naturalismo
   c. Realismo
   d. Romantisismo

8. Hindi lahat ng nasa loob ng rehas ay may kasalanan. Ito ay isang:

   a. kuru-kuro
   b. opinyon
   c. kongklusyon
   d. katotohanan

9. “Pero inay…hindi ko maaaring sundin, dapat niyang malaman agad….” Ang nagsasalita ay mahihinuhang

   a. may paninindigan
   b. nagmamakaawa
   c. nagmamalasakit
   d. malumanay

10. Ang taong walang paninindigan, kailan ma’y

   a. di nagtatagumpay sa buhay
   b. makararanas ng kahirapan
   c. di makaaahon sa hirap
   d. walang pagmamahal sa sarili